Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-18 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 107-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN AT PAHINTULOT SA PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPA-UPA O CONTRACT OF LEASE SA PAGITAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS AT NG FBVF BUILDING RENTAL.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, ipinahayagng World Health Organization na ang CORONA VIRUS DISEASE 2019 (COVID 19) ay isang pandemnya dahil sa mabilis at mataas na pagkalat nito at pagdami sa buong mundo;

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Marso, 2020 idineklara sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 922 na ang buong bansa ay nasa ilalim ng State of Public Health Emergency dahilsa Corona Virus Disease 2019 (COVID19);

SAPAGKAT, itinakda sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 929 s. 2020 na ang buong bansa ay nasailalim ng State of Calamity;

SAPAGKAT, sa mga alituntunin na inilabas ng Inter-agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF) na marapat na magkaroon ng isolation facility ang mga lokal na pamahalaan upang maihiwalay sa komunidad ang mga taong ***probable at suspected COVID 19 infected;***

SAPAGKAT, sa Joint Memorandum Circular (JMC) No. 1 ng Department of Interior and Local Government at Department of Budget and Management, nakasaad na maaaring gamitin ang pondong lokal na pamahalaan na makaupa ng gusali o pasilidad upang magamit sa mga taong under monitoring/investigation;

SAPAGKAT, may liham mula sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, na humihiling na mapahintulutan na makalagda at makapasok sa isang Kasunduan ng Pagpapa-upa o Contract of Lease sa Pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ng FBVF Building Rental;

SAPAGKAT, ang FBVF Building Rental ay isang korporasyon ang nagmamay-ari ng isang commercial building na matatagpuan sa Valenzuela St., Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, nais upahan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang nasabing dalawang palapag na gusali na may dalawampung silid;

SAPAGKAT, ang usaping ito ay napag-aralang mabuti ng Lupon sa Pagrerebisa at may sinasandigang legal na batayan;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng kaparehong batas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng Sangguniang Panlungsod ukol dito

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Igg. Nino Carlo Bautista na buong pagkkaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na binigyang kapangyarihan at pahintulot na makalagda at makapasok ang Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, sa isang Contract of Lease sa Pagitan ng Pamahalaang Lungsod at ng FBVF Building Rental.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05182020